# Joy B, tutol ideklarang election hotspot ang QC

Tutol si Quezon City acting Mayor Joy Belmonte sa rekomendasyon ng isang mambabatas na isama ang Quezon City sa listahan ng election hotspots sa bansa bunga ng naganap na pagpatay kay Brgy. Bagong Silangan chair Crisell "Beng" Beltran.

Sinabi ni Belmonte na masyado pang maaga para maisama ang lungsod bilang election hotspot dahil patuloy pa ang imbestigasyon ng mga pulis sa kaso at hindi pa kumpirmado ang motibo ng krimen.

"I don't think our city should be declared an election hotspot. I think that is premature and it will only cause panic. It will only cause our people to doubt the integrity of our local government and our police force," ani Belmonte.

Anya, hindi pa dapat ituring na politically-motivated ang kaso dahil may iba pang mga anggulong tinitingnan ang pulisya habang umuusad ang imbestigasyon.

"Just like what NCRPO Chief Guillermo Eleazar said, it is election-related only because it occurred in the election period. Many people think that when we say it is an election-related incident, it is politically-motivated already. No, they are two different things."paglilinaw ni Belmonte.

Binigyang diin nito na election related lamang ang krimen dahil naganap ito sa panahon ng eleksiyon pero iba ito anya sa politically-motivated at ang sinasabi anya ni Gen. Eleazar ay isa sa mga tinitingnang anggulo ng pulisya.

Nanawagan naman si Belmonte sa publiko na manatiling mapagmatyag dahil naniniwala siyang maaaring abusuhin ng mga masasamang loob ang eleksyon upang gumawa ng iba't ibang krimen at isisi ito sa pulitika. *(Angie dela Cruz)*